



**STATE OF HAWAII**  
**DEPARTMENT OF EDUCATION**  
**KA 'OIHANA HO'ONA'AUAO**  
P.O. BOX 2360  
HONOLULU, HAWAII 96804

OFFICE OF TALENT MANAGEMENT

**Taunang Abiso ng Pahayag sa Kawalan ng Diskriminasyon at Laban sa Harassment**

Kung nahihirapan kang unawain ang Ingles, may karapatan kang tumanggap ng tulong sa wika nang walang babayaran. Mangyaring makipag-ugnayan sa principal ng inyong paaralan para sa karagdagang impormasyon sa tulong sa wika.

Ang Hawaii State Department of Education (Department) ay hindi nagdidiskrimina batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, ninuno, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, pagpapahayag ng kasarian, oryentasyong sekswal, edad, kapansanan, at relihiyon sa ilalim ng mga naaangkop na batas ng estado at pederal, tulad ng Titulo VI, Titulo VII, Titulo IX, o ADA/Seksyon 504. Saklaw ng pangangailangang ito ang lahat ng programa at aktibidad ng Department, kabilang ang pagtatrabaho at pagkakatanggap kung naaangkop.

Para sa mga mataas na paaralan ng Department na nag-aalok ng Career and Technical Education (CTE) Programs of Study sa mga sumusunod na CTE pathway: Cultural Arts, Media, and Entertainment; Business Management, Finance, and Marketing, Health Services; Information Technology and Digital Transformation; Building and Construction, Advanced Manufacturing; Energy; Architectural Design and Engineering Technology; Transportation Services; Agriculture, Food, and Natural Resources; Education; Hospitality, Tourism, and Recreation; and Law and Public Safety, walang pamantayan ng pagkakatanggap sa mga programang ito ng pag-aaral. Gagawa ang mga mataas na paaralan ng Department ng mga hakbang upang matiyak na hindi magiging hadlang ang kawalan ng kakayahang magsalita ng wikang Ingles sa pagkakatanggap at paglahok sa CTE programs.

Hindi tino-tolerate ng Department ang mga aktong pangha-harass batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, ninuno, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, pagpapahayag ng kasarian, oryentasyong sekswal, edad, kapansanan, at relihiyon. Sinumang mag-aaral na naniniwalang naging biktima siya ng harassment batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, ninuno, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, pagpapahayag ng kasarian, oryentasyong sekswal, edad, kapansanan, at relihiyon ay hinihikayat na i-report ang naturang harassment. Maaaring mag-report ang mga mag-aaral at magulang ng mga alegasyon ng diskriminasyon o harassment sa administrator ng paaralan o sa Civil Rights Compliance Branch ng Department sa address na nakalista sa ibaba.

Determinado ang Department na magsagawa ng mga agarang imbestigasyon. Magkakaroon ng suporta, kabilang ang counseling at educational resources, para sa mga mag-aaral na na-harass at sa mga mag-aaral na napag-alamang nasangkot sa pangha-harass batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, ninuno, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, pagpapahayag ng kasarian, oryentasyong sekswal, edad, kapansanan, at relihiyon. Ang mga mag-aaral na napag-alamang nasangkot sa pangha-harass ay maaaring isailalim sa aksyong pandisiplina na hanggang at kabilang ang pagkakasuspinde kung naaangkop sa kalagayan. Dapat magtulungan ang mga mag-aaral, magulang, at kawani ng Department upang pigilan ang pangha-harass batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, ninuno, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, pagpapahayag ng kasarian, oryentasyong sekswal, edad, kapansanan, at relihiyon.

Hindi ito-tolerate ng Department ang paghihiganti sa mga nag-report ng diskriminasyon at/o harassment batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, ninuno, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, pagpapahayag

ng kasarian, oryentasyong sekswal, edad, kapansanan, at relihiyon, at magsasagawa ito ng mga hakbang upang protektahan ang mga nais mag-report ng diskriminasyon o harassment.

Makikita ang mga polisiya sa kawalan ng diskriminasyon at proseso sa paghahain ng reklamo ng Department sa:

<https://hawaiipublicschools.org/useful-links/policies/nondiscrimination-policy/>

Mangyaring ituon ang mga tanong kaugnay ng mga polisiya sa kawalan ng diskriminasyon ng Department at/o mga reklamo kaugnay ng ipinagbabawal na asal sa isa sa mga sumusunod na espesyalista ng Civil Rights Compliance Branch:

Civil Rights Compliance Branch Hawaii State Department of Education 1390 Miller Street, Room 416 Honolulu, HI 96813 (808) 784-6325 o relay <a href="mailto:CRCB@k12.hi.us">CRCB@k12.hi.us</a>	Beth Schimmelfennig, Director Rhonda Wong, Compliance Administrator Krysti Sukita, ADA/504 Anna Tsang, Title VI Alphonso Braggs – Compliance Blue Kaanehe, Title VII Nicole Isa-Iijima, Title IX Dana Takahara-Dias, Title IX – Athletics
--	--

Complex Area	Compliance Specialist	Telephone and Email
Farrington-Kaiser-Kalani	Alexis Mukaida	(808) 829-7182 alexis.mukaida@k12.hi.us
Kaimukī-McKinley-Roosevelt	Marie Neilson	(808) 892-6887 marie.neilson@k12.hi.us
‘Aiea-Moanalua-Radford	Christina Simpson	(808) 797-7685 christina.simpson@k12.hi.us
Leilehua-Mililani-Waiialua	Michael Murakami	(808) 600-9299 michael.murakami@k12.hi.us
Campbell-Kapolei	Nara Sitachitta	(808) 829-7168 nara.sitachitta@k12.hi.us
Pearl City-Waipahu	Shari Dela Cuadra	(808) 629-9114 shari.delacuadra@k12.hi.us
Nānākuli-Wai‘anae	Lance Larsen	(808) 600-9481 lance.larsen@k12.hi.us
Castle-Kahuku	James Nichols	(808) 829-6981 james.h.nichols@k12.hi.us
Kailua-Kalāheo	Flor Williams	(808) 597-6566 flor.williams@k12.hi.us
Hilo-Waiākea	Dee Sugihara	(808) 600-9576 dee.sugihara@k12.hi.us
Honoka‘a-Kealakehe-Kohala-Konawaena	Chris Jungers	(808) 600-9613 christopher.jungers@k12.hi.us
Ka‘ū-Kea‘au-Pāhoa	Moana Hokoana	(808) 373-6750 moana.hokoana@k12.hi.us
Baldwin-Kekaulike-Kūlanihāko‘i-Maui	Maria Letasz	(808) 600-9417 maria.letasz@k12.hi.us
Hāna-Lahainaluna-Lāna‘i-Molokai	Courtney Dennis	(808) 379-6208 courtney.dennis@k12.hi.us
Kapa‘a-Kaua‘i-Waimea	David Dooley	(808) 379-5299 david.dooley@k12.hi.us

Maaari ring isangguni ang mga tanong kaugnay ng diskriminasyon at/o harassment sa Office for Civil Rights, United States Department of Education.